Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region IV-A CALABARZON
Division of Laguna
District of San Pedro
San Pedro Central School
LAS Quarter 1 Week 4
Filipino- Five

NAME: ________________________________________ DATE: ____________________

SECTION: ____________________________________

Pag-aralan ang babasahin . Ano kayang uri ng panitikan ito?

## A. Sa Ugoy ng Duyan

Ni: Thara Anne M. San Pedro

Sa aking pamamahinga dito sa aking duyan
Ginhawa sa katawan habang libro ay tangan
Sumasabay sa ihip ng hanging amihan.
Makakatulog ka, pakiramdam ay gumagaan.

Ginawa ni ama itong duyan na matibay
Kahit apat na tao dito ay sumakay
Hindi mag-aalala na babagsak ka sa lupa
Dahil lubid nito ay sadyang matataba.

Minsan sa aking pagduduyan
Dumating ang aking kaibigan
Sabay kaming naupo at nagkuwentuhan
Paglipas ng oras ay hindi namalayan.

Ang ugoy ng duyan ay sumisimbolo
Sa pagsubok sa buhay ng isang tao
Minsan mahina na nanghihikayat na huwag kang susuko
Minsan naman malakas na nagsasabing "kaya mo."

Salamat ama sa duyang iyong ginawa
Na nagpapasaya sa akin sa tuwina
Ugoy nito ay nagpapaalala
Na ako ay mahal ninyong talaga.

LIVEWORKSHEETS

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sagutin ang mga tanong. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Tungkol saan ang tula?
2. Saan siya namamahinga?
3. Ayon sa tula saan sumasabay ang ugoy ng duyan?
4. Nakaranas ka na bang igawa ng duyan? Sino ang gumawa nito?
5. Ano ang mensaheng ipinahihiwatig ng tula?
6. Sino ang batang mahilig makinig ng musika?
7. Saan siya nagpupunta pagkatapos nilang kumain ng tanghalian?
8. Ikaw rin ba ay may lugar na pinipuntahan kung nais mong magpahinga? Bakit iyon ang napili mo?
9. Ano ang nararamdaman ni Annie sa tuwing papangaralan siya ng kanyang mga magulang? Bakit?
10. Kung ikaw si Annie, magtatampo ka ba sa iyong mga magulang? Bakit

LIVEWORKSHEETS